BRITISH COLUMBIA

# BACKGROUNDER 4

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

## Tinutulungan ang mga negosyo sa B.C. sa pandemya at pagbawi

Ang mga negosyo sa B.C. ay patuloy na magkakaroon ng akses sa mga suporta at mga serbisyo sa pamamagitan ng Badyet 2021 upang matulungang suportahan ang mga sektor sa mapaghamong panahong ito; lalo na ang mga pinakamalakas na tinamaan ng COVID-19.

Ang Badyet 2021 ay nagpapalawig sa mga pinagtuunang gawad at mga serbisyo sa Plano sa Pagbawi ng Ekonomya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan) upang tulungan ang mga negosyo sa B.C. sa pandemya at tulungan silang maghanda para sa pagbawi. Kabilang sa mga nagpapatuloy na suporta sa negosyo ay:

- $150 milyon upang suportahan ang Dinagdagang Insenstibo sa Trabaho ng Mas Malakas na BC (StrongerBC) na kredito sa buwis na inihayag sa pamamagitan ng Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan) na nagbibigay ng isang kredito sa buwis para sa mga pribadong sektor na tagapag-empleyo na nagtaas ng kanilang pasahod sa pamamagitan ng mga bagong empleyado o pagtataas ng kabayaran sa huling tatlong buwan ng 2020.
- $35 milyon upang tulungan ang mga magsasaka sa B.C. na panatilihin ang mga pansamantalang banyagang manggagawa na sumusuporta sa ligtas na pag-aani ng mga pananim ng B.C. mula sa COVID-19.
- $10 milyon sa loob ng tatlong taon upang palawakin ang Grow BC, Feed BC, Buy BC na mga estratehiya upang mapalawak ang lokal na merkado para sa mga produkto ng B.C.
- Isang iksemsyon sa PST sa mga pamumuhunan sa kapital sa piling mga kagamitan at makinarya, isang suporta ng buwis upang matulungan ang mga negosyo na makaikot o pahusayin ang mga operasyon na bukas para sa pagsusumite at nagpapatuloy hanggang Setyembre 2021 na may tinantiyang 110,000 na isinamang mga karapat-dapat na negosyo.
- $195 milyon na pagpopondo upang ipagpatuloy ang programa ng Gawad sa Pagbawi ng Maliit-at Katamtamang-laking Negosyo. Sa pakikipagtalakayan sa komunidad ng negosyo, ang programa ay mas madali ngayong ma-akses at mas maraming mga negosyo ang karapat-dapat.

Ang Lalawigan ay nagbibigay ng suporta para sa mga negosyo sa buong pandemya. Kabilang sa mga suporta sa Taglagas 2020 na Plano ng Pagbawi sa Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan) at maagang bahagi ng 2020-21 ay:

- $44 milyon para sa programa ng Paglulunsad sa Online (Launch Online), na nag-uugnay ng mga negosyo sa kumpanya ng teknolohiya sa B.C. upang gumawa o pabutihin ang kanilang e-commerce at magbigay ng pagsasanay sa digital na pagmemerkado upang tulungan ang mga negosyo na mapataas ang kanilang mga benta sa online.
- $10 milyon upang dagdagan ang pagmamanupaktura na may idinagdag na halaga sa B.C. sa pamamagitan ng pagsusuporta sa maliit at katamtamang laking mga negosyo na gawing mas madaling ma-akses ang kanilang mga produkto sa merkado sa pamamagitan ng pagkokomersiyal ng mga bagong teknolohiya o mga produkto at isang karagdagang $6 na milyon na mga gawad para sa mga negosyo upang tulungang palakasin ang supply chain ng B.C.
- $7.5 milyon upang suportahan ang lumalaking agri-tech na industriya ng B.C.
- $7 milyon upang palawakin ang sentro ng pagkain na network ng B.C. at suportahan ang pagbabago sa bukid at pagpoproseso ng pagkain.
- Isang pamantayang 25% na kabawasan sa mga buwis ng komersyal na pag-aari sa taon ng kalendaryo ng 2020, na naghahatid ng higit sa $700 milyon na mga kabawasan para sa mga negosyo.
- Ang programa ng Pang-emerhensiyang Tulong sa Pangkomersiyal na Renta ng Canada (Canada Emergency Commercial Rent Assistance), ay ibinahagi ang gastos sa pamahalaang pederal, na sumuporta sa mga

negogosyo hanggang sa katapusan ng Setyembre 2020 na may mga pagbabawal sa pagpapaalis at pagbabawas ng upa ng hanggang sa 75% sa panahon ng kataasan ng pagsasara ng negosyo noong nakaraang taon.

## Sinusuportahan ang mga pinakamalakas na tinamaang sektor ng B.C.

Hindi lahat ng mga sektor ay naapektuhan ng pandemya sa parehong paraan. Habang ang mga paghamon na hinarap ng iba-ibang mga sektor ay naging mas malinaw, ang pamahalaan ay nagpasadya ng mga suporta upang umangkop sa kanilang mga pangangailangan.

## Turismo

Para sa mga nagpapatakbo ng turismo, dinulot ng COVID-19 ang pagsasara ng mga border at katapusan sa pagbibiyahe na inaasahan ng mga negosyong ito. Ang pamahalaan ay nakipagtulungan nang malapit sa sektor sa loob ng nakaraang taon upang suportahan sila sa mapaghamong panahong ito, kabilang ang:

- $68 milyon na tulong at mga hakbang sa pagbawi ng turismo sa Taglagas 2020 na Plano ng Mas Malakas na BC (StrongerBC plan), kabilang ang mga pamumuhunan upang tulungan ang mga munisipalidad na bumuo, umangkop at pag-iba-ibahin ang kanilang imprastruktura ng turismo at pagpopondo ng Destination BC upang i-merkado ang B.C. sa loob ng bansa at matamo ang lugar nito sa merkado ng pang-internasyonal na turismo kung ligtas nang tumanggap na muli ng mga bisita.
- $5 milyon upang matulungan ang mga lokal na Katutubong negosyo ng turismo ng mga gawad na hanggang $45,000 upang magbigay ng mga tulong at suporta sa pagbawi habang ang mga negosyo ay naglalayag sa nagpapatuloy na mga pang-ekonomiyang epekto ng COVID-19.
- Ang $100 milyon ng Gawad na pagpopondo sa Maliit at Katamtamang Laking Negosyo na inihayag noong taglagas 2020 ay nakatuon sa mga nagpapatakbo ng turismo.

Habang ang B.C. ay kumikilos sa pandemya at tungo sa pagbawi, ang pamahalaan ay magpapatuloy na makipagtulungan sa negosyo at mga kasosyo sa turismo, pati na rin sa mga opisyal ng kalusugan upang matiyak na ang sektor ng turismo ng B.C. ay handa na upang bumalik at malugod na tanggaping muli ang mundo sa lalong madaling ligtas na gawin ito. Upang tulungan ang sektor ng turismo ng B.C. na maghanda para sa isang malakas na hinaharap, ang pamahalaan ay mamumuhunan ng:

- $100 milyon sa pamamagitan ng Badyet 2021 upang suportahan ang pagbawi ng turismo sa 2021-22, kabilang ang suporta para sa mga pangunahing atraksyon na tumutulong na gawing isang natatanging destinasyon ang British Columbia.
- Isang karagdagan na $20 milyon sa Badyet 2021 para sa mga gawad sa pagpapaunlad ng patutunguhan sa komunidad na makakatulong sa mga komunidad na maghanda para sa mga bisita sa hinaharap sa pamamagitan ng bagong imprastruktura ng turismo tulad ng mga pagpapabuti ng mga daanan at paliparan.

## Mga Sining at Kultura

Para sa mga organisasyon ng sining at mga industriya ng aliwan at mga kaganapan, ang pandemya ay madalas na nangangahulugan na pagsasara ng mga ilaw sa mga sinehan, mga galerya ng sining at mga lugar ng musika, pagkakansela ng mga palabas at pangangailangan ng makabagong mga bagong paraan upang makipag-ugnay sa mga manonood. Ang pamahalaan ay nakipagtulungan nang malapit sa mga pinuno ng mga komunidad ng sining at aliwan upang bumuo ng pinagtutunang pagpopondo sa pagbawi at namuhunan na ng mahigit sa $35 milyon bilang bahagi ng Taglagas 2020 na Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan).

Sa pamamagitan ng Mas Malakas na BC (StrongerBC), ang pamahalaan ay nagbigay ng $22.5 milyong pagpopondo sa pamamagitan ng AmplifyBC upang suportahan ang industriya ng musika ng B.C. sa loob ng mga susunod na tatlong taon. Dinodoble din ng Badyet 2021 ang badyet para sa Programa ng Imprastruktura ng mga Sining. Ito ay magbibigay ng $6 na milyon sa loob ng tatlong taon upang suportahan ang pagbawi ng organisasyon ng mga sining at kultura sa pamamagitan ng mga gawad na sumusuporta sa mga kapital na pagpapabuti tulad ng konstruksyon ng mga bagong espasyo, pagpapalawak ng mga umiiral na espasyo o pagbili ng bagong kagamitan.

## Mga Restawran at Mabuting Pakikitungo (Hospitality)

Ang mga restawran at industriya ng mabuting pakikitungo (hospitality) ay patuloy na umaangkop sa nagbabagong tanawin ng pandemya at mga utos ng panlalawigang opisyal ng kalusugan. Nakita ng mga British Columbian ang pagsasama-sama ng mga negosyo at paglikha ng mga makabagong solusyon upang matulungan ang mga negosyo na makaraos sa mahirap na oras na ito. Sinusuportahan ng pamahalaan ang industriya ng restawran at mabuting pakikitungo sa pamamagitan ng:

- Pagsusuporta sa 14,000 mga restawran, mga bar, mga pagawaan ng serbesa, mga pagawaan ng alak, mga gym at mga sentro ng pagpapalakas ng katawan sa pamamagitan ng pinaka kamakailang mga paghihigpit sa kalusugan sa pamamagitan ng mahigit sa $50 milyong mga Gawad sa Pagbawi ng Circuit Breaker na Negosyo.
- Pagtulong sa mga restawran, mga bar at mga nagpapatakbo ng turismo na may mga lisensiya sa alak na permanenteng makabili ng serbesa, alak at mga espiritu sa pakyawang pagpepresyo upang magkaroon sila ng karagdagang pampinansiyal na tulong.
- Paglalabas ng isang pansamantalang itinakdang bayarin na sinisingil sa mga restawran ng mga kumpanya na naghahatid ng pagkain sa 15%, upang ang mga restawran ay maaaring magpatuloy na magpatakbo sa online na may maraming mga taong kumakain mula sa bahay.
- Pag-empleyo ng daan-daang mga kawani sa turismo at mabuting pakikitungo (hospitality) na nawalan ng trabaho sa pandemya upang suportahan ang plano ng pagbabakuna ng B.C. bilang mga hindi pangklinikal na kawani sa mga klinika ng pagbabakuna sa buong lalawigan.

Mula sa mga restawran na naghahatid ng mga gourmet na hapunan sa pista hanggang sa online na pag-stream ng mga lokal na sining na mga organisasyon, ginamit ng mga negosyo sa B.C. ang pagkamalikhain at pagbabago upang muling mag-isip at magbigay ng bagong kagamitan. Ang pamahalaan ay narito upang suportahan ang mga negosyo na nangangailangan nito ngayon at tulungan ang lahat ng mga negosyo sa B.C. na makalipat sa isang mas matatag na hinaharap.

**Kontak:**

Mga Relasyon sa Media ng Ministeryo
ng Pananalapi
250 387-5710

---